6. Pagbabawas ng tanim, paglilinang at pangangasiwa sa peste (7-20 araw pagkatanim)

- Subaybayan ang paninira ng peste o populasyon ng peste gayundin ang pagsipot ng likas na mga kaaway ng mga ito nang lingguhan ang pagitan simula tatlong araw paglitaw ng pananim.

- Magsagawa ng mababaw na pagbubungkal o muling pag-aararo 14-21 na araw pagkatanim upang masugpo ang damo. Ingatan na huwag masugatan ang mga mais habang isinasagawa ito.

- Sa ika-14-20 araw pagkatanim, maingat na bunutin ang mga damo kung marami ito.

7.Paglalagay ng abono sa tahiban ng halaman (sideressing), paggagahok (hilling-up) at pangangasiwa sa peste (20-40 araw pagkatanim)

- Direktang ilagay ang natitirang dami ng rekomendadong nitrohinong pataba (*urea, ammonium, atbp*) sa kahabaan ng mga tudling, mga anim na cm ang layo sa halaman (*side dressing*).

Muling mag-abono 25-30 araw pagkatanim.

Kung ang lupa ay napasuri: ilagay ang naiwang 50 porsiyentong nitrohino.

Kung ang lupa ay hindi napasuri, maglagay ng 4-6 na bag ng ammonium sulfate (21-0-0) o 3 bag ng urea (46-0-0).

- Kaagad tabunan ang abono at puno ng tanim sa pamamagitan ng paggagahok. Nakakatulong din ito sa pagsugpo ng damo.

- Patubigan kaagad ang taniman upang matunaw ang abono.

- Patuloy na subaybayan ang mga peste at mga likas na kaaway nito linggo-linggo.

8. Pangangalaga sa halaman (mula sa pagkatanim hanggang bago mag-ani)

- Patuloy na subaybayan ang halaman (mula sa yugto ng pagkapunla) kaagad alisin at silaban ang mga may tanda ng "*chlorotic streaks*," batik-batik, mga bulok, atbp. Kung maraming makikitang ganitong sintomas sa halaman, ipagbigay alam kaagad sa inyong "*technician*."



- Sundan ang naunang pagbubungkal ng lupa sa namamataang mga damo upang masugpo ang mga ito. Pag-ingatan na huwag masugatan ang mga halaman.

Paalala: *Ugaliing gumamit ng Integrated Pest Management (tulad ng paggamit ng matibay na barayti at angkop na pangangalaga) laban sa corn borer at ear worm. Isang halimbawa ay ang paggamit ng trichogramma at ear wigs sa pagpuksa sa corn borer.*